Ang mga aplikasyon para sa Churchill Fellowships ay bubuksan sa ika-1 ng Marso 2023

Gusto mo bang makapaglakbay sa ibayong dagat nang apat hanggang walong linggo para magsaliksik ng isang paksa o isyu na marubdob para sa iyo at ibahagi ang iyong napag-alaman sa iyong pagbabalik? Gusto naming mag-apply ka para sa Churchill Fellowship.

Ang Churchill Fellowship ay para sa sinumang mamamayan o permanenteng residente na Australyano na nasa edad na mahigit sa 18 taon, na gustong manaliksik ng pinakamahusay na kagawian at inobasyon o kaya matutunan ang bagong mga kasanayan mula sa ibang mga bansa. Kailangang may maipapakita kang madadalang benepisyo pabalik sa komunidad at magagamit ang iyong mga natutunan.

Ang mga Churchill Fellows ay nakalikha ng ilan sa karamihang kilalang mga inobasyon at kabilang dito ang Questacon, ang Playschool na Theme song, Unit Pricing sa mga Supermarket, at Neighbourhood watch, na ilan lamang sa mga ito. Ang Churchill Trust ay itinatag noong 1965 makalipas ang pagkamatay ni Sir Winston Churchill, kung saan ang taumbayang Australyano ay bukas-loob na nagbigay ng kontribusyon na maituturing na siyang pinakamalaking pangangatok-sa-pintuang apela para sa tulong. Halos anim na dekada na ngayon mula noong ika-28 ng Pebrero 1965, na ginanap ang “Churchill Memorial Sunday” na pangangatok-sa-pintuang apela sa kabuuang Australya.

Ang mga aplikante ay may kapangyarihan na magdisenyo ng sarili nilang mga proyekto at inaasahang sinaliksik, pinag-aralan at trinabaho nang masigasig ang kanilang paksa o isyu sa Australya bago pa magsalang ng aplikasyon. Ang Churchill Fellowship ay hindi pang-akademyang gawad at hindi kinakailangan ang anumang edukesyunal na kwalipikasyon para makapag-apply.

Pukawin ang damdamin sa pagbabasa ng tungkol sa aming Churchill Fellows at ang hanay ng mga magkakaiba-ibang proyekto na kanilang siniyasat dito.